

SHEET NG PAGTATAMA (TALAMALIAN) 2023 HANDBOOK NG MIYEMBRO NG MEDI-CAL

Gumawa ng mahahalagang update ang Partnership HealthPlan of California (PHC) sa aming Handbook ng Miyembro ng Medi-Cal. Ang mga pagbabagong ito ay ipinapaliwanag sa ibaba. **Tiyaking basahin nang mabuti ang mga update dahil maaaring mabago ng mga ito ang paraan ng pagtanggap mo ng pangangalaga.**

Mga bagay na dapat malaman kapag sinusuri ang mga update:

- Ang mga bagong impormasyon at paliwanag sa benepisyo ay ipinapakita sa pamamagitan ng **naka-bold at may salungguhit na text**

Kung mayroon kang mga tanong o nangangailangan ka ng tulong sa pagbabasa nito, tumawag sa (800) 863-4155 (TTY: (800) 735-2929 o 711). Narito kami Lunes – Biyernes, 8 a.m. – 5 p.m. Libre ang pagtawag.

Seksyon 3 - Paano kumuha ng pangangalaga Mga Referral

Ang iyong PCP o isa pang espesyalista ay magbibigay sa iyo ng referral upang bisitahin ang isang espesyalista sa loob ng takdang panahon na nakalista sa seksyong “Napapanahong pag-access sa pangangalaga” ng handbook na ito, kung kailangan mo nito. Ang espesyalista ay isang doktor na may karagdagang edukasyon sa isang

SHEET NG PAGTATAMA (TALAMALIAN) 2023 HANDBOOK NG MIYEMBRO NG MEDI-CAL

larangan ng medisina. Makikipagtulungan sa iyo ang iyong PCP para pumili ng isang espesyalista. Maaaring tumulong sa iyo ang tanggapan ng iyong PCP para magtakda ng oras para pumunta sa isang espesyalista.

Kabilang sa iba pang serbisyo na maaaring mangailangan ng isang referral ang mga procedure sa tanggapan, X-ray, gawain sa laboratoryo at marami pang serbisyo kung naaangkop.

Maaari kang bigyan ng iyong PCP ng isang form na dadalhin sa espesyalista. Sasagutan ng espesyalista ang form at ipadadala ito pabalik sa iyong PCP. Gagamutin ka ng espesyalista hangga't sa palagay niya ay kailangan mo ng paggamot.

Kung mayroon kang problema sa kalusugan na nangangailangan ng espesyal na medikal na pangangalaga nang matagalan, maaaring kailangan mo ng permanenteng referral. Nangangahulugan ito na maaari kang pumunta sa parehong espesyalista nang mahigit sa isang beses nang hindi kumukuha ng referral sa bawat pagkakataon.

Kung nahihirapan kang kumuha ng permanenteng referral o gusto mo ng kopya ng patakaran sa referral ng PHC, tumawag sa (800) 863-4155 (TTY (800) 735-2929 o 711).

SHEET NG PAGTATAMA (TALAMALIAN)

2023 HANDBOOK NG MIYEMBRO NG MEDI-CAL

Hindi mo kailangan ng referral para sa:

- Mga pagbisita sa PCP
- Mga pagbisita sa Obstetrics/Gynecology (OB/GYN)
- Mga pagbisita para sa agaran o pangangalagang pang-emergency
- Mga sensitibong serbisyo para sa nasa hustong gulang, gaya ng pangangalaga sa sekswal na pag-atake
- Mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya (upang malaman ang higit pa, tumawag sa Office of Family Planning Information and Referral Service sa 1-800-942-1054)
- Pagsusuri at pagpapayo sa HIV (12 taong gulang o mas matanda)
- Mga serbisyo para sa impeksiyong naipapasa sa pakikipagtalik (12 taong gulang o mas matanda)
- Mga serbisyong chiropractic (maaaring kailanganin ang referral kapag ibinibigay ng wala sa network na mga FQHC, RHC at IHCP)
- Inisyal na pagsusuri ng kalusugan ng pag-iisip
- Acupuncture (ang unang dalawang serbisyo kada buwan; kakailanganin ng referral ang mga karagdagang appointment)
- Mga serbisyong podiatry (kapag ibinibigay ng mga

SHEET NG PAGTATAMA (TALAMALIAN) 2023 HANDBOOK NG MIYEMBRO NG MEDI-CAL

FQHC at RHC)

- Mga karapat-dapat na serbisyo para sa ngipin
- Paggamot ng mga impeksiyon na naipapasa sa pakikipagtalik (mga menor de edad lang 12 taong gulang o mas matanda)

Maaari ding makakuha ang mga menor de edad ng ilang serbisyo na pang-outpatient para sa kalusugan ng pag-iisip, mga sensitibong serbisyo at serbisyo para sa karamdaman sa paggamit ng kontroladong kemikal nang walang pahintulot ng magulang. Para sa karagdagang impormasyon, basahin ang “Mga serbisyong may pahintulot sa menor de edad” at “Mga serbisyo para sa karamdaman sa paggamit ng kontroladong kemikal” sa handbook na ito.

Mga Referral ng California Cancer Equity Act
Ang mabisang paggamot ng mga kumplikadong kanser ay depende sa maraming dahilan kasama ang pagkuha ng tamang diagnosis at pagkuha ng napapanahong paggamot mula sa mga eksperto sa kanser.

Kung ikaw ay na-diagnose na may kumplikadong kanser, ang bagong California Cancer Care Equity Act ay nagbibigay-daan sa iyo na humiling ng isang referral mula sa iyong doktor para makakuha ng

SHEET NG PAGTATAMA (TALAMALIAN) 2023 HANDBOOK NG MIYEMBRO NG MEDI-CAL

paggamot sa kanser partikular mula sa isang nasa network na sentro ng kanser na itinalaga ng National Cancer Institute (NCI), lugar na kaanib ng NCI Community Oncology Research Program (NCORP), o kuwalipikadong sentrong pang-akademiko para sa kanser.

Kung ang PHC ay walang isang nasa network na sentro ng kanser na itinalaga ng NCI, pahihintulutan ka ng PHC na humingi ng isang referral para makakuha ng paggamot sa kanser mula sa isa sa mga sentrong ito na wala sa network sa California, kung ang isa sa mga sentro na wala sa network at ang PHC ay nagkasundo sa kabayaran, maliban kung pinili mong magpatingin sa ibang provider ng paggamot sa kanser.

Kung na-diagnose ka na may kanser, makipag-ugnayan sa PHC upang malaman kung kuwalipikado ka para sa mga serbisyo mula sa isa sa mga sentro ng kanser na ito.

SHEET NG PAGTATAMA (TALAMALIAN)

2023 HANDBOOK NG MIYEMBRO NG MEDI-CAL

Seksyon 4 – Mga benepisyo at serbisyo

Mga benepisyo ng Medi-Cal na saklaw ng PHC

Mga benepisyong pangtransportasyon para sa mga sitwasyon na hindi mga emergency

May karapatan ka sa medikal na transportasyon kung mayroon kang mga medikal na pangangailangan na hindi nagpapahintulot sa iyo na gumamit ng kotse, bus o taxi papunta sa iyong mga appointment. Maaaring ibigay ang medikal na transportasyon para sa mga saklaw na serbisyo at appointment sa botika na saklaw ng Medi-Cal. Kung kailangan mo ng medikal na transportasyon, maaari mong hilingin ito sa pamamagitan ng pakikipag-usap sa iyong doktor, dentista, podiatrist, o provider sa sakit sa kalusugan ng pag-iisip o paggamit ng kontroladong kemikal. Magpapasya ang iyong provider para sa tamang uri ng transportasyon upang matugunan ang iyong mga pangangailangan. Kung malaman nilang kailangan mo ng medikal na transportasyon, irereseta nila ito sa pamamagitan ng pagsagot sa isang form at pagsumite nito sa PHC. Sa sandaling maaprubahan, magagamit ang pag-apruba sa loob ng 12 buwan depende sa medikal na pangangailangan. Dagdag pa, walang limitasyon sa kung ilang pagsakay ang makukuha mo. Kakailanganin ng iyong doktor na muling suriin ang iyong medikal na pangangailangan para sa medikal na transportasyon at

SHEET NG PAGTATAMA (TALAMALIAN)

2023 HANDBOOK NG MIYEMBRO NG MEDI-CAL

muling aprubahan ito bawat 12 buwan.

Ang medikal na transportasyon ay isang ambulansya, litter van, wheelchair van o sasakyang panghimpapawid.

Pinapayagan ng PHC ang medikal na transportasyon na may pinakamababang halaga para sa iyong mga medikal na pangangailangan kapag kailangan mong magbiyahe patungo sa iyong appointment Nangangahulugan iyon, bilang halimbawa, na kung ikaw ay may kakayahang pisikal o medikal na maibiyahin gamit ang wheelchair van, hindi magbabayad ang PHC ng isang ambulansya. May karapatan ka sa isang sasakyang panghimpapawid kung ang iyong medikal na kalagayan ay imposibleng gumamit ng anumang uri ng transportasyong panlupa.

Dapat gamitin ang medikal na transportasyon kapag:

- Pisikal o medikal na kinakailangan ito ayon sa tinukoy sa pamamagitan ng nakasulat na pahintulot ng isang doktor o iba pang provider dahil hindi ka pisikal o medikal na makagamit ng bus, taxi, kotse o van para pumunta sa iyong appointment.
- Kailangan mo ng tulong mula sa driver patungo at mula sa iyong tirahan, sasakyan o lugar ng paggamot dahil sa kapansanan sa katawan o pag-iisip.

SHEET NG PAGTATAMA (TALAMALIAN)

2023 HANDBOOK NG MIYEMBRO NG MEDI-CAL

Upang humingi ng medikal na transportasyon na inireseta ng inyong doktor para sa mga hindi agarang (rutina) appointment, mangyaring tumawag sa PHC sa **(866) 828-2303** (Lunes - Biyernes, 8 a.m. - 5 p.m.) nang hindi bababa sa 5 araw ng trabaho bago ang inyong appointment. Para sa mga agarang appointment, mangyaring tumawag sa lalong madaling panahon. Mangyaring ihanda ang iyong ID card ng miyembro kapag ikaw ay tatawag.

Limitasyon ng medikal na transportasyon: Nagbibigay ang Mga PHC ng pinakamababang halaga ng medikal na transportasyon na tumutugon sa iyong mga medikal na pangangailangan sa pinakamalapit na provider mula sa iyong bahay kung saan available ang appointment. Hindi ibibigay ang medikal na transportasyon kung hindi saklaw ang serbisyo ng Medi-Cal. Kung ang uri ng appointment ay saklaw ng Medi-Cal ngunit hindi sa pamamagitan ng planong pangkalusugan, tutulong ang PHC sa iyo na mag-iskedyul ang iyong transportasyon. Nasa Handbook ng Miyembro na ito ang listahan ng mga saklaw na serbisyo. Hindi saklaw ang transportasyon sa labas ng network o lugar na pinagseserbisyuhan maliban kung naunang pinahintulutan ng PHC. Para sa karagdagang impormasyon o para humingi ng medikal na transportasyon, mangyaring tumawag sa PHC sa **(866) 828-2303** (Lunes - Biyernes, 8 a.m. - 5 p.m.)

SHEET NG PAGTATAMA (TALAMALIAN) 2023 HANDBOOK NG MIYEMBRO NG MEDI-CAL

Gastusin ng miyembro: Walang gastos kapag isinaayos ng PHC ang transportasyon.

Paano kumuha ng hindi medikal na transportasyon

Kabilang sa iyong mga benepisyo ang pagkuha ng masasakyan papunta sa iyong mga appointment kapag ang appointment ay para sa isang saklaw na serbisyo ng Medi-Cal at wala kang anumang access sa transportasyon. Maaari kang makakuha ng isang masasakyan, nang wala kang gagastusin, kapag sinubukan mo ang lahat ng iba pang paraan para makakuha ng transportasyon at ikaw ay:

- Naglalakbay patungo at mula sa isang appointment para sa serbisyo ng Medi-Cal na pinahintulutan ng iyong provider; o
- Kumumuha ng mga inireresetang gamot at medikal na supply

Pinahihintulutan ka ng PHC na gumamit ng kotse, taxi, bus o iba pang pampubliko/pribadong paraan ng pagpunta sa iyong medikal na appointment para sa mga serbisyong saklaw ng Medi-Cal. Sasaklawin ng PHC ang pinakamababang gastos ng hindi medikal na uri ng transportasyon na tumutugon sa iyong mga pangangailangan. Kung minsan, maaaring magbigay ang PHC ng reimbursement para sa mga pagsakay sa isang

SHEET NG PAGTATAMA (TALAMALIAN) 2023 HANDBOOK NG MIYEMBRO NG MEDI-CAL

pribadong sasakyan na iyong isinaayos. Dapat itong aprubahan ng **PHC** bago ninyo makuha ang pagsakay, at dapat ninyong sabihin sa amin kung bakit hindi kayo makakuha ng pagsakay sa iba pang paraan, gaya ng bus. Maaari mong sabihin sa amin sa pamamagitan ng pagtawag sa amin, sa pag-email, o sa personal. Hindi ka makapagmamaneho mismo at hindi ka mare-reimburse.

Kailangan ang lahat ng sumusunod sa pagbabalik ng bayad para sa milyahe:

- Ang lisensya sa pagmamaneho ng drayber
- Ang rehistro ng sasakyan ng drayber
- Patunay ng insurance ng sasakyan para sa driver

Para humiling ng masasakyan para sa mga serbisyong pinahintulutan, tumawag sa PHC sa **(866) 828-2303** ng hindi bababa sa 5 araw ng negosyo (Lunes-Biyernes, 8 a.m. – 5 p.m.) bago ang iyong appointment o tumawag sa lalong madaling panahon kapag mayroon kang agarang appointment. Mangyaring ihanda ang iyong ID card ng miyembro kapag ikaw ay tatawag.

Tandaan: Maaaring makipag-ugnayan ang mga American Indian sa kanilang lokal na Indian Health Clinic para humiling ng hindi medikal na transportasyon.

SHEET NG PAGTATAMA (TALAMALIAN)

2023 HANDBOOK NG MIYEMBRO NG MEDI-CAL

Mga Limit ng non-medical na transportasyon:

nagbibigay ang PHC ng pinakamababang halaga sa non-medical na transportasyon na nakakatugon sa iyong mga pangangailangan sa pinakamalapit na provider mula sa iyong tahanan kung saan may available na appointment. Hindi makakapagmaneho mismo ang mga miyembro o direktang maibabalik ang bayad. Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring tumawag sa PHC sa **(866) 828-2303**.

Hindi ilalapat ang hindi medikal na transportasyon kung:

- Medikal na kinakailangan ang isang ambulansya, litter van, wheelchair van, o iba pang anyo ng medikal na transportasyon para makapunta sa saklaw na serbisyo ng Medi-Cal.
- Kailangan mo ng tulong mula sa tsuper patungo at mula sa iyong tirahan, sasakyan o lugar ng paggamot dahil sa kondisyon ng katawan o medikal.
- Ikaw ay nasa isang wheelchair at hindi makagalaw paloob at palabas ng sasakyan nang walang tulong mula sa driver.
- Hindi saklaw ang serbisyo ng Medi-Cal.

SHEET NG PAGTATAMA (TALAMALIAN)

2023 HANDBOOK NG MIYEMBRO NG MEDI-CAL

Gastusin ng miyembro: Walang gastos kapag ang non-medical na transportasyon ay inayos ng PHC.

Mga Gastos sa pagbyahe: Sa ilang partikular na pagkakataon, maaaring sakupin ng PHC ang mga gastusin sa paglalakbay gaya ng mga pagkain, pananatili sa hotel, at iba pang nauugnay na gastos kung kailangan mong bumiyahe para sa mga appointment ng doktor na hindi available malapit sa iyong tahanan. Maaari din itong saklawin para sa isang kasamang attendant at isang donor sa major organ transplant, kung naaangkop. Kailangan mong humiling ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) para sa mga serbisyong ito sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa PHC sa **(866) 828-2303**.

Mga benepisyo ng Medi-Cal na saklaw ng PHC

Mga serbisyong pang-outpatient (ambulatory)

Mga pagsusuri ng kalusugang pangkaalaman

Sinasaklaw ng PHC ang isang taunang pagsusuri ng kalusugang pangkaalaman para sa mga miyembrong 65 taong gulang o mas matanda, at mga hindi kwalipikado para sa isang katulad na pagsusuri bilang bahagi ng taunang pagbisita para sa kagalingan sa ilalim ng Programang Medicare. Tinitingnan ng pagsusuri ng

SHEET NG PAGTATAMA (TALAMALIAN)

2023 HANDBOOK NG MIYEMBRO NG MEDI-CAL

kalusugang pangkaalaman ang mga palatandaan ng sakit na Alzheimer's o dementia.

Mga Serbisyo para sa Kalusugan ng Pangkaisipan

Mga serbisyo para sa kalusugan ng pag-iisip na pang-outpatient

Sinasaklaw ng PHC ang isang miyembro para sa isang paunang pagsusuri sa kalusugan ng pangkaisipan nang hindi nangangailangan ng paunang pag-apruba (paunang awtorisasyon). Maaari kang makakuha ng pagtatasa sa kalusugan ng pangkaisipan anumang oras mula sa isang lisensyadong tagapagbigay ng kalusugang pangkaisipan sa network ng PHC nang walang referral.

Maaaring gumawa ng referral ang iyong PCP o provider sa kalusugan sa pangkaisipan para sa karagdagang kalusugan sa pangkaisipan pag-screen sa isang espesyalista sa loob ng network ng PHC upang matukoy ang iyong antas ng kapansanan.

Kung matukoy ng iyong mga resulta ng pagsusuri sa kalusugan ng pangkaisipan na ikaw ay nasa banayad o katamtamang pagkabalisa o may kapansanan sa pangkaisipan, emosyonal, o pag-uugali, maaaring ibigay ng PHC mga serbisyo sa kalusugan ng pangkaisipan para

SHEET NG PAGTATAMA (TALAMALIAN) 2023 HANDBOOK NG MIYEMBRO NG MEDI-CAL

sa iyo. Sinasaklaw ng PHC ang mga serbisyo para sa kalusugan ng pag-iisip gaya ng:

- Indibidwal at panggrupo na pagsusuri at paggamot ng kalusugan ng pag-iisip (psychotherapy)
- Pagsusuri sa sikolohikal kapag ipinahiwatig sa klinika upang suriin ang kundisyon sa
- kalusugan sa pangkaisipan
- Pagbuo ng kognitibong mga kasanayan para pahusayin ang atensyon, memorya, at paglutas ng problema
- Mga serbisyong pang-outpatient para sa layunin ng pagsubaybay sa therapy sa gamot
- Sa laboratoryo ng outpatient, ang mga gamot na hindi pa sakop sa ilalim ng
- Listahan ng Gamot sa Kontrata ng Medi-Cal Rx (<https://medi-calrx.dhcs.ca.gov/home/>), mga suplay at pandagdag
- Konsultasyong saykayatriko
- Therapy sa pamilya

Para sa tulong sa paghahanap ng higit pang impormasyon sa mga serbisyo sa kalusugan ng pangkaisipan na ibinibigay ng PHC, maaari kang tumawag sa **Carelon Behavioral Health** sa (855) 765-9703 o TTY/TDD: (800)

SHEET NG PAGTATAMA (TALAMALIAN)

2023 HANDBOOK NG MIYEMBRO NG MEDI-CAL

735-2929 (24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo), o PHC sa (800) 863-4155 o TTY/TDD: (800) 735-2929 o 711 (Lunes – Biyernes, 8 a.m. – 5 p.m.).

Kung ang iyong PCP o provider ng kalusugang pangkaisipan ay hindi makapagbigay sa iyo ng paggamot para sa isang sakit sa kalusugang pangkaisipan na makukuha sa network ng PHC at sa loob ng mga oras na nakalista sa itaas sa seksyong "Napapanahong pag-access sa pangangalaga", sasagutin at tutulungan ka ng PHC na ayusin ang mga serbisyo sa labas ng network.

Kung matukoy ng iyong mga resulta ng screening sa kalusugan ng pag-iisip na maaari kang magkaroon ng mas mataas na antas ng kapansanan at kailangan mo ng mga espesyal na serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip (SMHS), ire-refer ka ng iyong PCP o iyong provider sa kalusugan ng pag-iisip sa plano sa kalusugan ng pag-iisip ng county para makakuha ng pagtatasa at tulungan kang maiugnay sa susunod na hakbang sa proseso.

Para malaman ang higit pa, basahin ang “Iba pang programa at serbisyo ng Medi-Cal” sa pahina 88, “Mga espesyal na serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip.”

SHEET NG PAGTATAMA (TALAMALIAN)

2023 HANDBOOK NG MIYEMBRO NG MEDI-CAL

Organisadong Sistema ng Paghahatid ng Drug Medi-Cal (DMC-ODS)/ Kagalingan at Paggaling ng Katawan (W&R) na Programa

Ang DMC-ODS ay isang programa ng estado na nagbibigay-daan sa PHC na magbigay ng mga serbisyo sa paggamot sa sakit sa paggamit ng kontroladong kemikal kasabay ng ibang pangangalaga gaya ng mga serbisyo sa kalusugan ng katawan at kaisipan. Maaaring kabilang dito ang tirahan, masinsinang outpatient, o outpatient na paggamot, gayundin ang, opiate at iba pang paggamot na tinulungan ng gamot, at mga serbisyo sa pagbawi.

Ibinibigay ng PHC ang mga serbisyong ito sa paggamit ng substansya para sa mga miyembrong nasa mga county ng Humboldt, Lassen, Mendocino, Modoc, Shasta, Siskiyou, at Solano. Tinatawag namin itong Wellness and Recovery (W&R) Program.

Layunin ng programang W&R na magbigay ng mga serbisyong paggamot sa karamdaman sa paggamit ng substansya para sa mga taong lumalaban sa mga pagkagumon sa alkohol at/o droga. Kung sa tingin mo ay kailangan mo ng mga serbisyo sa paggamot sa sakit sa paggamit ng substance, maaari kang humiling ng pagtatasa mula sa iyong PCP o sa pamamagitan ng pagtawag sa Carelon Behavioral Health sa (855) 765-9703.

SHEET NG PAGTATAMA (TALAMALIAN)

2023 HANDBOOK NG MIYEMBRO NG MEDI-CAL

Kung ikaw ay miyembro ng PHC at hindi nakatira sa isa sa mga W&R na county ng PHC, tumawag sa iyong lokal na county:

- | | |
|--|---|
| • Del Norte
(707) 464-4813 | • Marin
(888) 818-1115 |
| • Lake
(707) 274-9101 (North Lake area)
(707) 994-6494 (South Lake area) | • Sonoma
(707) 565-7450

• Trinity
(530) 623-1362 |
| • Napa
(707) 253-4412 Mga Matatanda
(707) 255-1855 Mga Kabataan | • Yolo
(916) 403-2970 |

Tingnan ang “Mga serbisyo ng sakit sa paggamit ng droga” sa pahina 78 para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga serbisyong inaalok ng county.

SHEET NG PAGTATAMA (TALAMALIAN) **2023 HANDBOOK NG MIYEMBRO NG MEDI-CAL**

Seksyon 8 – Mahahalagang numero at salitang dapat malaman

Mga Serbisyo sa Miyembro ng PHC Ang walang bayad na numero para makatawag sa Departamento ng mga Serbisyo sa Miyembro ng PHC ay	(800) 863-4155 8 a.m. hanggang 5 p.m., Lunes – Biyernes
24 na oras na Payo ng Nars ng PHC Ang walang bayad na numero para makipag-usap sa isang nars tungkol sa iyong kalusugan kung hindi ka sigurado tungkol sa pagpunta sa ER	(866) 778-8873 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo
Hotline sa Pagsunod ng PHC Ang walang bayad na numero para isumbong ang panloloko, mga alalahanin sa pagkapribado at iba pang problema sa pagsunod	(800) 601-2146 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo
Mga Serbisyo sa Paningin Ang mga serbisyo para sa paningin ng PHC ay sinasaklaw sa pamamagitan ng Plano sa Mga Serbisyo para sa Paningin (Vision Services Plan, VSP).	(800) 877-7195 5 a.m. hanggang 8 p.m., Lunes – Biyernes 7 a.m. hanggang 8 p.m. Sabado

Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa (800) 863-4155 (TTY (800) 735-2929).
 Narito kami Lunes-Biyernes, 8 a.m. - 5 p.m. o bisitahin kami sa www.partnershiphp.org

SHEET NG PAGTATAMA (TALAMALIAN) **2023 HANDBOOK NG MIYEMBRO NG MEDI-CAL**

	7 a.m. hanggang 7 p.m. tuwing Linggo Tumawag ang mga Miyembro ng Kaiser sa (800) 464-4000
Mga Serbisyo para sa Kalusugan ng Pangkaisipan Sinasaklaw ng PHC ang paggamot ng banayad hanggang katamtamang mga kondisyon ng kalusugan ng pangkaisipan at saklaw ng Caredon Behavioral Health.	(855) 765-9703 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo Tumawag ang mga miyembro ng Kaiser sa (800) 464-4000
Mga Serbisyo sa Kapansanan	
California Relay Service (CRS) – TTY/TDD/TDD Ang toll-free na numero para sa may kapansanan sa pandinig	(800) 735-2929 o 711 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo
Mahahalagang Numero ng Estado	
Medi-Cal Managed Care Ombudsman Tumutulong ang tanggapan ng Estado sa iyong mga alalahanin	(888) 452-8609 8 a.m. hanggang 5 p.m., Lunes – Biyernes

SHEET NG PAGTATAMA (TALAMALIAN) **2023 HANDBOOK NG MIYEMBRO NG MEDI-CAL**

sa Pinamamahalaang Pangangalaga	
Pagbabayad ng Premium para sa Medi-Cal para sa mga Pamilya Ang numero ng telepono ng Estado na matatawagan kung mayroon kang mga tanong tungkol sa mga premium para sa Medi-Cal	(800) 880-5305 8 a.m. hanggang 8 p.m., Lunes – Biyernes, o 8 a.m. hanggang 5 p.m. Sabado
Mga Serbisyo ng Denti-Cal Ang numero ng telepono ng Estado para malaman ang higit pa tungkol sa mga saklaw na serbisyo sa ngipin	(800) 322-6384 8 a.m. hanggang 5 p.m., Lunes – Biyernes
Department of Social Services (mga Pagdinig ng Estado) Ang tanggapan ng Estado na tumutulong sa iyo na maghain ng isang Pagdinig ng Estado	(800) 952-5253
Hotline para sa Pandaraya at Pang-aabuso sa Nakatatanda ng Medi-Cal Ang tanggapan ng Estado na tumutulong sa iyo sa mga	(800) 722-0432

SHEET NG PAGTATAMA (TALAMALIAN)

2023 HANDBOOK NG MIYEMBRO NG MEDI-CAL

alalahanin tungkol sa panloloko sa programang Medi-Cal	
Medi-Cal Rx Ang programa ng estado na nagbibigay sa iyo ng mga serbisyo ng botika	(800) 977-2273 (TTY (800) 977-2273 at pindutin ang 5 o 711)
Tanggapan para sa Mga Karapatang Sibil ng U.S. (Mga Reklamo sa Pagkapribado) Ang pederal na tanggapan na tumutulong sa iyo sa mga tanong at alalahanin sa pagkapribado	(866) 627-7748